# Ang sinumang nagpakawangis sa mga [ibang] tao, siya ay kabilang sa kanila."}

Ayon sa Anak ni `Umar (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang sinumang nagpakawangis sa mga [ibang] tao, siya ay kabilang sa kanila."}
[Maganda] [Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud at Imām Aḥmad]

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang sinumang nagpakawangis sa mga taong kabilang sa mga tagatangging sumampalataya o mga suwail o mga maayos – at iyon ay sa pamamagitan ng paggawa ng anuman kabilang sa mga kakanyahan nila gaya ng mga pinaniniwalaan o mga pagsamba o mga kaugalian – siya ay kabilang sa kanila dahil ang pagpapakawangis sa kanila sa panlabas ay nauuwi sa pagpapakawangis sa kanila sa panloob. Walang duda na ang pagpapakawangis sa mga ibang tao ay isang resulta ng paghanga. Maaaring mauwi ito sa pag-ibig sa kanila, pagdakila sa kanila, at pagsalig sa kanila. Ito ay maaaring humila sa tao sa pagpapakawangis sa kanila hanggang sa panloob at pagsamba. Ang pagpapakupkop ay kay Allāh!

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/5353